News release

# Pagpapahusay ng maagang pagtuklas ng cervical cancer

Ika-26 ng Septyembre, 2004 Mga katanungan sa media

## Ang gobyerno ng Alberta ay nagpapasimula ng isang proyekto na magpapahintulot sa mga Albertan na suriin ang kanilang sarili para sa cervical cancer gamit ang isang take-home kit.

Ang maagang pagtuklas ng cancer ay mahalaga sa pagliligtas ng mga buhay, at patuloy na binibigyang-priyoridad ng Alberta ang mga pagkakataon na ginagawang mas madaling ma-akses at maginhawa ang pagtuklas. Pagdating sa cervical cancer, ang karamihan ng mga kaso ay maiiwasan sa pamamagitan ng regular na screening at paggamot.

Bilang bahagi ng Cervical Cancer Screening Program, ang gobyerno ng Alberta, kasama ang Alberta Health Services (AHS) at Alberta Precision Labs, ay naglunsad ng isang pilot project upang tumigin sa mha makabagong paraan upang palawakin ang mga pagkakataon sa screening ng cancer para sa mga Albertan. Ang pilot project ay mag-iimbita ng mga karapat-dapat na Albertans na lumahok, kabilang ang mga Katutubo at indibidwal na naninirahan sa kanayunan at malalayong komunidad.

“Alam namin na ang cervical cancer ay halos maiiwasan sa pamamagitan ng regular na pagbabakuna at regular na screening, kaya naman napakahalaga ng pilot project na ito. Ito ay kumakatawan sa isang mahalagang susunod na hakbang patungo sa ganap na pag-alis ng cervical cancer”

*Adriana LaGrange, Ministro ng Kalusugan*

Ang cervix self-screening test ay isang mas predictive na pagsubok kaysa regular na pap testing. Nakikita nito ang mga high-risk strain ng human papillomavirus (HPV), na tumutukoy sa

mga indibidwal na nasa panganib na magkaroon ng abnormal na cervical cells, na nagbibigay-daan para sa maagang paggamot upang maiwasan ang cancer.

Ang mga test kit ay naglalaman ng mga supply na kailangan ng mga tao upang masuri ang kanilang sarili nang ligtas sa bahay o saanman sila pinaka-komportable. Pagkatapos ng pagsusuri, ang mga kit ay ipinadala sa isang lab at ang mga resulta ay ibinibigay sa mga pasyente at tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang unang 300 na kit ay kasalukuyang magagamit para sa mga karapat-dapat na kalahok sa unang pilot project site sa Edmonton. Susundan ang pagpapalawak sa mga kasosyo sa komunidad at mga kanayunan.

“Ang self-sampling ay nagbibigay-daan sa tao na mangolekta ng sarili nilang sample sa isang lokasyong ligtas at komportable. Hinahanap ng self-sampling ng HPV ang virus na nagdudulot ng cervical cancer. Kung maagang matagpuan, maaari itong gamuntin para hindi magkaroon ng cervical cancer.”

*Dr. Laura McDougall, nakakataas na opisyal ng kalusugan, AHS*

Ang pilot project na ito ay tutulong sa pagbuo ng mabisa at napapanatiling mga diskarte sa self-sampling ng HPV para sa mga populasyon na kulang sa screening at patunayan ang mga kinakailangang pathway at protocol para sa pagpapalawak ng cervical self-screening sa buong probinsiya.

## Mabilis na mga katotohanan

- Mayroong humigit-kumulang 170 bagong diagnosis ng cervical cancer at 45 na pagkamatay dahil sa cervical cancer bawat taon sa Alberta.
- Higit na 99 porsiyento ng mga kaso ng cervical cancer ay sanhi ng HPV.
- May average lamang ng 62 porsyento ng mga karapat-dapat na Albertans ang nagsuri para sa cervical cancer sa pagitan ng 2021 at 2023.
- May kabuoang 5,000 kits ang kokolektahin sa tagal ng pilot project.

## Kaugnay na impormasyon

- Cancer Research for Screening and Prevention Program fund

## Media inquiries

### Jessi Rampton

587-357-3729
Kalihim sa pahayagang pangkalusugan